



Sto. Niño sa Tondo

Rebecca T. Añonuevo

Tila may katapat na imahen ng Sto. Niño ang bawat bata sa parada kapag pista sa Tondo. Nakasakay silang magkakaumpok sa owner, sa pedicab, sa firetruck, sa kariton ng fishball, sa baby-stroller: kung walo ang Sto. Niño sa ibabaw ay ganoon din karami ang nakasiksik at nagkakasyang mga bata sa loob ng sasakyan. Iba't iba ang suot, kulay, at anyo ng Sto. Niño: May pulis, may basketbolista, may nakatoga, may ala-geisha na nakapayong na berde, may naka-Russian winter coat na pula, may naka-powder pink, may naka-fuchsia, may naka-glittering silver, at hanggang tuhod na may takong na bota. May Sto. Nino na nilagyan ng asul na pakpak ng fairy, may itim na itim, may mukhang Chuckie doll sa horror movie, may naka-headress na tila nagmula sa tribu ng Aztec o Alaska. May life-size na Sto. Nino, may isang dangkal na Sto. Niño. May nakasandong Sto. Nino, may nakalamping Sto. Niño, may naka-Hawaiian shirt.

Kalong sila o yakap-yakap ng mga deboto, maya-maya'y isinasayaw at itinataas habang tumutugtog ang mga banda ng delegasyong may pangalang tulad ng Palibhasa Lalake na puro babae, at mga Batang Hamog, na tinitilian ng mga babae at baklang nanonood, inaabutan ng basong tubig, itutulak ang isang kabarkada sa braso ng nagsasayaw, at lalong magtitilian. Walang nagmamartsa sa parada; ang maliliit na bata, mga kabataan, mga nanay at ang buong pamilya ay nagsasayaw, walang patumpik-tumpik ay gumigiling, nakataas ang mga kamay, nakaharap at nakatalikod sa isa't isa, sumasalampak sa kalsada, niyuyugyog ang balikat at puwit. May malalak-

ing tambol, tatluhan, na hinihila ng isang paslit, may maliliit na tambol na nakasukbit sa baywang at leeg, may mga tambol na ginawa sa mahahabang PVC orange pipe at ang ipinantatambol ay raketa ng pingpong. Sisipol at sesenyas at sisipol muli ang dalawang lalaking nasa unahan kung kailan hi-hinto at uusad ang isang grupo; hindi maaaring magrambulan ang tugtog, *Paruparong Bukid* man o *Noypi*.

Pagdaan ng Sto. Niño sa karosa, ang tradisyonal na imahen ng Sto. Niño, ang batang Hesus na tangan ang mundo sa isang palad, at sa isang palad ay ang setro na simbolo ng paghahari sa sanlibutan, may magsisindi ng fountain sa kal-sada, may makukulay na con-fetti na isasaboy mula sa bin-tana ng isang bahay, ang mga manonood at kasama sa parada ay magpapalakpakan at sisigaw, *Viva, Viva, El Señor Santo Niño!* Samantala'y magkakatinginan ang sumasayaw na lalaking walang saplot pang-itaas, at ang isang nanonood, na mag-aabot sa kaniya ng kapisang papel. Itinuwad ng lalaki sa prusisyon ang Sto. Niño, at sa pansalalay na kahoy ay isinulat ang numero ng kaniyang telepono. Libre ang hipo at kurot sa pulutong ng mga matipunong bisig at balikat ng mga kalalaki-hang inaabangan ng lahat ang paggiling. Nagpapasahan sila ng pantulak na beer na nakaplastik at straw.



Limang oras ang haba ng prusisyon, at naroon kaming mga nakipamistang limang oras ding nanonood sa ikalawang palapag ng bahay, nakatanghod sa lahat ng dumaraan. Patikim pa lamang iyon ng bisperas ng pista; pagdating ng alas-kuwatro ng umaga ng Linggo ay sisimulan muli ang isa pang mahabang parada, at uulitin pa pagdating ng alas-singko ng hapon. Sa buong isang linggong iyon ay nagkakasiyahan na ang mga magkakabarangay—may mga beauty pageant, may pakontes na sayawan at kantahan, may kani-kaniyang inuman, dibdiban ang choreography na matagumpay namang naipalabas sa oras mismo ng prusisyon. Bongga noong taong na-

nood kami, sabi ng aming kaibigan, dahil panahon ng eleksiyon, at ang mga politiko ay nag-uunahan sa pangangampanya ng boto. Ang pangalan ng isponsor na politiko ay nakatatak sa t-shirt o sombrero ng ilang delegasyon, at sila man ay kakaway at ngingiti pati sa aming hindi tagaroon.

Pero huwag mong sasabihing binayaran ang mga tao na sumama sa prusisyon—panata nila iyon, at ng kani-kanilang mga pamilya. Noong panahon ng Martial Law ay may nagtangkang magnakaw sa Sto. Niño sa



simbahan ng parokya. Tatlong buwan na walang tigil ang ulan sabi ng aming kaibigan, at ang pinakamalang lugar na nasalanta ay ang Pam-panga na pinanggalingan diumano ng magnanakaw. Nang maisauli ang Sto. Niño sa simbahan, biglang tigil ang malakas na ulan, at muli'y sumikat ang banayad na araw.

Sa araw mismo ng pista ay ilang misa ang dadagsain ng mga deboto dala ang kanilang mga Sto.

Niño na pabebendisyanan. Nani-niwala sila sa mabiyayang buhay na kaloob ng batang Hesus. Kalutasan sa anumang problema. Gamot sa anumang sakit. Malalaki't mumunting milagro ng buhay.

Ang totoo'y wala akong karapatan na isulat ang ngayon ko lang naksisihan bagamat inaabangang mapanood taon-taon. Hindi ako nabigo sa ipinangako ng mga kaibigan. Maliit ang imahen ng Tondo na unang nakintal sa isipan. *Canal de la Reina* sa nobela ni Liwayway Arceo at ang bunggangerang sakim na donya na inabutan ng baha, ang batang maton na lumuha sa kuwento ni Pedro Dandan at mga gang na naggigirian, ang pitong prusisyon ng mga patay na sumalubong sa aming dinaraan at ang mai-tim na biro namin ay, di kaya mga miyembro sila ng OXO, *nasa Tondo na nga tayo!*, ang Smokey Mountain na minsang napuntahan dahil kailangang mag-interbyu ng pari at ilang mga pamilya na ang mga anak ay mamumulat sa pagbubungkal ng basura, ang malansang amoy ng palengke at bundok ng basura na walang ipinagkaiba, si Gat Andres Bonifacio na namuno sa Kati-punan at pinagkasya ng rehimen ni Marcos sa limampisong papel na berde

na nawala na sa sirkulasyon. Naalala ko rin nang minsan ay may nakilalang maganda't masiglang dalagang nakikipagbuno sa kanser. Kalbo na si Alex nang datnan namin sa bahay, nagpapahinga o nagpapalakas bagamat wala siyang pinansiyal na kakayahan na magpagamot, pero hayun at buong pagmamalaki pa ring ipinakita ang mga retrato noong nasa kolehiyo at kasama pa siya sa mountaineering club. Tondo ang pook ng mga pelikulang indie ni Jim Libiran: sa *Tribu*, ang maligalig at madilim at marahas na kapaligiran ng nagpapatayang mga gang ng mga kabataan, at sa *Happy Land*, na nagmula sa isang Waray na salita na ang ibig sabihin ay tambakan ng basura, at pinagmulan ng mga manlalarong kabataan na nahimok ng futbol bago pa ang kasikatan ng kinahuhumalingang mga Azkals sa kasalukuyan.

Kasama na sa mga larawang ito ang prusisyon ng mga Sto. Nino at mga taga-Tondo (Tundo – mabilis ang bigkas, sabi ng mga tubo roon). Kung noong mas bata-bata ko napanood ang prusisyon, siguradong umuusok na ang ilong at tenga ko sa ngitngit at kahihiyan, at madulas kong bibitawan sa bibig na napakasalaula ng mga taong ito, kaya hindi umunlad-unlad sa kabuhayan. Pero marunong talaga ang mga musmos, at tila hinintay ako maging ng Sto. Niño na umunlad rin sa karunungan, kung ganoon mang maituturing. Hindi man karapat-dapat ay nais kong maalala ang araw na ito na tila di mauubos ang enerhiya sa bawat kanto, at inaalog ang lupa ng tapang ng apog ng pananampalatayang walang panyapak, walang sinasanto: Umiikot at humihiwa sa sikmura ang pira-pirasong salamin ng kapuwa ko't kababayang nakatindig sa kanilang dinaraan, kubkob ng paraisong nag-iisa sa lahat ng ipaghihiwalay ng edad, kasarian, tabas ng mukha, at iba pang mapanguwenta't pabigat na mga prehuwisyo sa mundo. Anuman ang hirap ng araw-araw na pasanin sa buhay na tumatawid mula karnabal hanggang nilalantakang telenobela, alam nila ang pagbubuhusan ng oras at pagod, at manaka-nakang usal ng panalangin at pag-asa. Sa halo-halong amoy at pawis at hininga ng mga deboto, doon sa aming tinatanawan, humahampas ang hangin sa pisngi, parang sariwang hangin na nagmumula sa tabing-dagat, at ang mga mangingisda'y kahahango lamang ng mayamang ani, sapupo ng lambat. Nawawalang-bisa ang lansa, nahahalinhan ng tamis ang dumadaiti sa balat.

(Para kay Ferdie Lopez)